# Madonna and Me: Isang Pagmimito

Chuckberry J. Pascual

Tinatangka ng "Madonna and Me: Isang Pagmimito" na isalaysay ang mito ni Madonna bilang tagalabas, at ilapat ang mito na ito sa praktika ng pagsulat (at bilang epekto, sa pagbasa) ng isang Pilipinong manunulat. Ang paglikhang ito ng mito ay hindi lamang isang anyo ng poetika, maaari rin itong tingnan bilang halimbawa ng pag-aaral sa isang postkolonyal na subjectivity, at isang teorya sa pagsulat.

"Madonna and Me: An Act of Myth-making" attempts to delineate the myth of the Western popstar Madonna as an outsider, and reinscribe the same myth into the writing (and in effect, reading) practice of a Filipino writer. This act of "myth-making" is not just a form of poetics, it can also be seen as an example of a study of postcolonial subjectivity, and a theory of writing

Keywords: dominant adaptation discourse, De-Westernization of film adaptation discourse, film adaptation theory, contextualization of theory, indigenous, vernacular and hybrid theory

"We are now beyond all questions of sincerity."
JM Coetzee (1985, p. 220)

"The fascinating thing about Madonna is that she is all-real and all-fake..."
Richard Corliss (as cited in Benson & Metz, 1999, p. 22)

1985. Dampalit, Malabon. Mga alas-singko y medya ng hapon, sa tapat ng bahay nina Mang Jay, kapitbahay ng Lolo ko. Narinig ko ang radyo ng isang nakaparadang traysikel. Hindi ko alam ang titulo ng kanta, pero nakiliti ang aking tainga. Lumapit ako sa traysikel, para mas marinig nang maigi ang tugtog: may babaeng may matinis na boses, paminsan-minsan parang umiiri, at may mga lalaking kumakanta nang sabay-sabay. Nag-umpisa akong igalaw ang balakang. Hanggang sa sumunod na ang buo kong katawan. Pahampas-hampas ang ulo sa hangin, pakampay-kampay ang mga

kamay. Napansin kong lumapit ang ilan sa mga kalaro. Nadagdagan pa sila pagkatapos ng ilang sandali, at lalo lang akong naudyukang ipagpatuloy ang pagsasayaw. Pumapalakpak na rin kasi sila, may ilan-ilang tumatawa at sumisigaw. Natigil lang ang lahat nang dumating ang Tatay ko. Piningot niya ako, binatukan, saka pinapasok sa bahay. Pagkaraan ng maraming taon, nalaman kong "Material Girl" pala ang kantang galing sa traysikel.

Instruktibo ang pangyayari sa itaas sa naging relasyon ko sa mang-aawit na si Madonna noon hanggang ngayon. May kakaibang atraksiyon at afinidad ako sa kaniyang iba't ibang imahen, sa kaniyang binuong mitolohiya, at naging instrumental ang relasyon na ito sa aking pagsusulat, at sa pagtingin ko sa sarili bilang manunulat.

Sa papel na ito, sisikapin kong bigyan ng artikulasyon ang komplikadong ugnayan ng aking fasinasyon at identipikasyon kay Madonna. Mahahati ito sa dalawang bahagi: magsisimula ako sa paglalarawan sa mito ng pagiging tagalabas ni Madonna, at sa kaniyang bersiyon ng pagsulat bilang kumpisal. Mula sa diskusyong ito, tutungo ako sa pagtalakay sa pagsulat bilang kumpisal sa konteksto ng Pilipinas, partikular sa akda ng mga baklang manunulat, kabilang ang aking sarili. Magtatapos ang papel sa pagtalakay sa isang tula gamit ang pagsulat bilang kumpisal bilang lente sa pagsuri.

## Ang Mitolohiya ni Madonna

Narito ang ilang depinisyon ng mito mula sa *UP Diksiyonaryong Filipino* (2001)[1]:

> *1. Lit.* kuwento hinggil sa di-pangkaraniwang nilaláng o pangyayari, mayroon man o walang batayan: MYTH 2. anumang imbentong idea o konsepto: MYTH 3. *Sik.* hindi mapatunayang kolektibong paniniwala na tinatanggap bilang totoo kahit walang pagsusuri: MYTH 4. likhang-isip na tao o bagay. (p. 565)

Matatagpuan ang elemento ng hindi pagiging makatotohanan (walang batayan, imbento, hindi mapatunayan, at likhang-isip)[2] sa lahat ng ibinigay na kahulugan. Dahil susing katangian ng mito ang pahiwatig ng pagiging produkto ng imahinasyon, ng hindi pagiging totoo, dumodoble ang katangian nito bilang kuwento. Ang mito ay kuwento (fiction) at kuwento (naratibo).

Sa pag-unawa sa pagkabuo ng mga sinaunang lipunan, malaki ang naging papel ng mga mito. Ang mga kuwentong ito ang naging batayan ng pagkakilanlan. Totoo ito sa kaso ng mga mito sa Pilipinas: bahagi ng isinasabuhay na realidad ng mga katutubo ang mga naratibong ito. Sa mga

Ifugaw, halimbawa, laging kalangkap ang mga mito sa iba't ibang ritwal. (Eugenio, 2001)

Ayon sa agham panlipunan (see Segal, 2004), kinailangang gumawa ng mga sinaunang tao ng mga kuwento, upang buuin ang kanilang identidad (Elwood, 2008). At ang pamamaraan na ito ay nasa anyo ng mga kuwento. Sa paglipas ng panahon, nag-iba ang pananaw sa mito, mula sa pagiging produkto at instrumento ng pagkilala sa mga grupo ng tao, ginagamit na rin ito sa ngayon sa level ng indibidwal (Elwood, 2008). Malaki ang naging papel ng psychoanalysis sa pagbabago ito ng tunguhin sa paggamit ng mito (Segal, 2004), at unti-unti, mula sa orihinal na relihiyosong katangian ng mga mito—bahagi ng konsepto ng sagrado ang mga naratibong ito (Eliade, 1959)—ay naging sekular. Ayon kay Mircea Eliade, ang mga mito sa modernong lipunan ay matatagpuan na sa iba't ibang anyo—karaniwang sekular at madalas ay solitaryo sa halip na komunal—bagaman fundamental pa rin ang katangian bilang kuwento (narrative at fictional). Basahin ang sipi:

> A whole volume could well be written on the myths of modern man, on the mythologies camouflaged in the plays that he enjoys, in the books that he reads. The cinema, that "dream factory," takes over and employs countless mythical motifs—the fight between hero and monster, initiatory combats and ordeals, paradigmatic figures and images (the maiden, the hero, the paradisal landscape, hell, and so on). Even reading includes a mythological function, not only because it replaces the recitation of myths in archair societies and the oral literature...[R]eading projects him out of his personal duration and incorporates him into other rhythms, makes him live in another "history." (p. 205)

Kasabay ng sekularisasyon at indibidwalisasyon ng pagkonsumo sa mito, ang interes sa pagkukuwento tungkol sa mga "di-pangkaraniwang" nilalang ay nalipat sa interes sa pagkukuwento tungkol sa mga sikat na personalidad. Tingnan halimbawa ang pagsusuring ito ni Robert A. Segal (2004) sa buhay at imahen ni John F. Kennedy, Jr. bilang manipestasyon ng mga kuwento at buhay ng mga mitolohikong nilalang.

> A modern Adonis would be John F. Kennedy, Jr (1960—99), a beckoning heroto many and an irresistible sex symbol to women, who, ignoring Venus-likewarnings, died when he recklessly insisted on flying in weather conditions for which a mere novice like him was in fact egregiously unprepared.

> In his plunge to earth he was even more akin to Icarus and Phaëton. The widespread mourning for JFK, Jr. was exactly for a would-be hero rather for an accomplished one. (p. 57)

Sa isang sanaysay tungkol kay Madonna, inunawa ni Camille Paglia (1992), ang kritikong nagsulat ng sikat na sanaysay tungkol kay Madonna bilang tunay na feminista, ang seksuwal na imahen ng mang-aawit gamit ang lente ng mitolohiya. Inugat niya ang kapangyarihan ng seksuwalidad ni Madonna bilang inapo ng seksuwalidad ng kababaihan sa panahong mitolohiko.

> Woman is the dominant sex. Woman's sexual glamour has bewitched and destroyed men since...Helen of Troy. Madonna, role model to millions of girlsworldwide, has cured the ills of feminism by reasserting woman's command of the sexual realm. (p. 10)

Sa titulo pa lamang ng sanaysay, "Venus of the Radio Waves," malinaw na ang paghahalintulad kay Madonna sa Romanong diyosa ng pag-ibig (Paglia, 1992). Papuri sa mang-aawit ang mga sumunod, na dapat lang asahan, dahil ang unang pangungusap ng sanaysay ay deklarasyon ng pagsamba: "I'm a dyed-in-the-wool, true-blue Madonna fan" (p. 6). Hindi eksaherasyon ang pagsasasabing isa itong uri ng pagsamba: sa pagtukoy ni Paglia sa pagkakaugnay ni Madonna sa kababaihang mitolohiko, umuugnay din ang kaniyang pahayag ng pagiging fan sa orihinal na kahulugan nito: ang salitang fan ay pinaikling "fanatic," na galing naman sa salitang Latin na *fanatici*. Ang *fanatici* ay tumutukoy sa mga deboto sa palibot ng *fanum* o templo ng isang diyos (Elwood, 2008). Kung ibabatay sa kaniyang komersiyal na tagumpay ("Madonna Music Career Statistics," 2014) at impluwensiya sa kulturang popular,[3] hindi mahirap isipin na kung may itayong templo para sa kaniya ngayon, dudumugin ito ng mga tao.[4]

Ngunit marahil, ang pinakamabisang tuntungan ng depinisyon ng mito bilang pantukoy kay Madonna sa pag-aaral na ito ay ang depinisyon ni Barthes (1972): bilang isang moda ng signipikasyon, bilang isang uri ng speech. Pero malawak ang sakop nito. Basahin ang sipi:

> Speech of kind is a message. It is there by no means confined to oral speech. It can consist of modes of writing or of representations; not only written discourse, but also photography, cinema, reporting, sport, shows, publicity, all these can serve as a support to mythical speech. (p. 108)

Ang koneksiyong ito ni Madonna sa mitolohiya, at ang kaniya mismong

naging partisipasyon sa pagbuo ng mga naratibong konstitutibo sa kaniyang imahen at mito, ang ipinagpapalagay kong dahilan ng pagtukoy ni Georges-Claude Guilbert (2002), isang Pranses na iskolar, sa pag-iral ng "Madonnology," isang espesyalisadong disiplina na nakatuon sa pag-aaral tungkol sa mitolohiya ni Madonna, at kadalasang markado ng "left wing ideology, radical antiracism, extreme feminism, lesbian or gay militancy" (p. 3). Pero nilinaw din ni Guilbert na hindi lamang simpleng pagsamba ang nagaganap, dahil mayroon na itong medyasyon ng kasaysayan, partikular ng kapital. Wika niya, ang stardom ay maaaring maging mito batay sa walong salik: fortune, beauty, ambivalence, transgression, construction, amalgam, longevity, at cult. Siyempre pa, ang lahat ng salik na ito ay matatagpuan kay Madonna.

Inihambing ni Guilbert (2002) si Madonna kina David Bowie at Annie Lennox, dalawang mang-aawit na mala-hunyango rin ang imahen. Pero ang dalawang ito ay tinitingnan bilang mga "tunay" na intelektuwal, kung kaya ang mga likhang nagmumula sa kanila ay lumilitaw bilang organiko at awtentiko. Sa kabilang banda, si Madonna ay puno ng kontradiksiyon. Narito ang deskripsiyon sa kaniya niya :

> In some interviews, she seems practically brainless, she utters verbless sentences, swears like a fishmonger, lacks vocabulary, and gives the impression that she has never read a book in her life. On such occasions, even her voice and accent are nasal and vulgar. On others, she expresses herself in a refined manner, she is distinguished, mature, poised. Her voice is transformed, she speaks of psychoanalysis, of arty films, of painters, of highbrow writers, all very convincingly. (p. 3)

Dahil ang naratibo at subheto ay kapuwa madulas, basag-basag, nagsasalungatan, walang nakaaalam kung ano ang katotohanan, kung ano at sino ang tunay na "Madonna," at kaya ang naging palagay at titulo ng pag-aaral ni Guilbert ay *Madonna as Postmodern Myth*. Sa paglikha ng postmodernong mito at sa pagiging ekspertong Madonnologist—ayon kay Guilbert (2002), ang pinakaekspertong Madonnologist ay si Madonna mismo—inihalintulad ni Guilbert si Madonna sa isang postmodernong manlilikha.

> [T]he postmodern artist produces while being fully aware of the work of the palimpsest (almost always playful) that of course he undertakes. He adroitly handles quotation, allusion, reference, tribute, *mise en abyme*, or pastiche

> and parody; he manifests at all times distance, irony, derision,often mocking herself or himself. (p. 21)

Ang pangunahing gawain ni Madonna ay ang muling pagsulat o paglikha ng "rewrites." Ito ay ang paggamit sa mga naunang teksto, at pagbaklas sa kanilang historikal na konteksto, at paglalapat sa panibago, upang makalikha ng bagong akda. May suhestiyon din ang ganitong pormulasyon ng matinding ahensiya. Sa kabila ng pagiging subheto—*subjected* sa iba't ibang puwersa at ideolohiya—may sapat na kapangyarihan at kamalayan ang postmodernong manlilikha upang makapaglabas ng bagong likhang-sining, kahit pa mula ito sa mga tira-tira ng lumipas na panahon.

Kabilang sa mga puwersang may impluwensiya sa postmodernong manlilikha ay ang kasaysayan: sumikat si Madonna bilang mang-aawit at postmodernong manlilikha noong dekada '80. Kaya ang kaniyang rewrites ay limitado pa rin ng panahon: naimpluwensiyahan siya ng lumang Hollywood (tulad ni Marilyn Monroe) at ng mas malapit na sinundang panahon ng punk (halimbawa ay sina Debbie Harry/Blondie). Tulad ni Madonna, nasasakop pa rin ako ng kasaysayan: ipinanganak ako noong dekada '80 pero kinilala lamang ang sarili bilang Madonna fan noong dekada '90, kung kailan marami nang pinagdaanang pagbabago ang imahen at musika niya. Nagsimula ang career ni Madonna noong panahon kung kailan namumulaklak ang art scene sa New York. (Scaggs, 2009) Lumaki naman ako noong dekada '80, kung kailan tumitindi na ang urbanisasyon ng Malabon.[5]

Dito ako nagmumula bilang isang Madonnologist: bumubuo ako ng sariling mito ni Madonna, batay sa mga pirasong nadampot ko upang makatulong ito sa pagbibigay ng hugis at artikulasyon ng sarili kong mitolohiya. Hindi ito simpleng pastiche lamang, sang-ayon sa depinisyon ni Fredric Jameson na nagpa-flatten sa kasaysayan at difference (as cited in Robertson, 1996) o hubad na panatisismo.

Ang kulturang popular ay bunga ng diskursibo at materyal na pormasyon ng mga nasakop o walang kapangyarihang mga indibidwal at sa pagbuo nito, hindi ang masa ang lumilikha ng sariling mga produkto o yaman (resources); itinatakda lamang ito ng uring mayroong gahum sa lipunan pero hindi ibig sabihin nito ay mga pasibong mga indibidwal ang bumubuo sa masa: "pinagtitiyagaan" (make do) nila kung ano ang kanilang natatanggap na produkto/yaman at ginagamit ang mga ito sang-ayon sa kanilang sariling mga pamantayan. Nakikipagtunggali ang masa sa pamamagitan ng pagbalikwas sa pagtanggap at pagpapakahulugan na inaasahan mula sa kanila ng mga naghahari sa lipunan. (Fiske, 1989) Kaya sa halip, ang pagbuo ko ng sariling mito ni Madonna ay tinitingnan ko bilang asersiyon ng isa sa mga subhetong dinidisiplina ng kulturang popular, isa

itong anyo ng poaching. Ayon nga kay Michel de Certeau (1984):

> [I]t is another kind of "mythology" dispersed in time, a sequence of temporal fragments not joined together but disseminated through repetitions and different modes of enjoyment, in memories and successive knowledges. (p. 174)

Ninanakaw ko ang pagbibigay ng signipikasyon sa mas malakas na puwersa, at ginagamit ang signipikasyon na ito para sa aking sariling kapakanan. Bahagi si Madonna ng makinarya ng transnasyonal na kapital, at isa ako sa mga tagakonsumo ng kaniyang produkto. Nadidisiplina niya ang aking panlasa sa musika, pananamit, at maging pagtingin ko sa sariling pagkatao. Pero hindi naman patag ang pagdatal sa akin ng kaniyang mga produkto, hindi ako pasibo at masunuring subheto. Nagnanakaw ako ng mga kanta at pelikula niya sa torrent, pinapanood ko ang mga music video niya nang hiwalay sa pinagmulan nitong konteksto, inaangkin ko siya sang-ayon sa mga taktikang available sa akin. Halimbawa, ang mga unang video ay napanood ko sa isang rentahan ng mga video cassette sa San Pedro, Laguna. Nagbayad lang ako upang mapanood ito sa loob mismo ng video rental store. Ang mga unang artikulo na nabasa ko tungkol sa kaniya ay naprint mula sa bahay ng isang kaibigan noong panahon na wala pa akong sariling computer, printer, at Internet access. Nanonood naman ako ng mga music video niya noon sa nakaw na reception namin ng MTV channel. Tinitingnan ko ang mga ito bilang manipestasyon ng ugnayan namin ni Madonna, sang-ayon sa pormulasyon ni John Fiske (1984) ng kulturang popular bilang kultura ng salungatan, at ang pagtanggap dito ay sining ng pagtitiyaga . Kinailangan ko ang mga taktikang ito dahil nga ang relasyon namin ay pinagigitnaan ng kapital, i.e. kailangan ng pera upang makabilang sa "mainstream" na Madonna fandom, tulad halimbawa ng pagiging miyembro ng kaniyang internasyonal na fan club na ICON.

Tinitingnan ko rin ang ugnayan naming dalawa bilang ugnayan ng mananakop at sinasakop. Si Madonna ang manipestasyon ng kolonyal sa aking haraya. Sa wika ni Vicente Rafael (2006), siya ang teknolohiya ng banyaga[6] na nakasalalak sa akin, siyang nakasalasalak na hindi matakasan ang historikal na katotohanan—sinakop tayo ng US, lumaki ako sa panahon ng neoliberalismo, kung kailan simultaneous na ang pagdatal ng mga kultural na produkto sa US at sa Pilipinas, simultaneous na rin ang pagkonsumo dahil nariyan ang Google, Youtube, Spotify, at iba pang daluyan ng kultura mula sa labas, kung kaya mas tumitingkad ang paglabo ng distinsiyon sa kung alin ang doon at dito—at ang pagmumulan ko na lang ay ang pagkilala sa

katotohanang ito, kung mayroon man akong gustong mabago o malikhang bago.

Ang paglikha ko ng sariling mito ni Madonna, i.e. ang paglikha ko ng sariling Madonna, ang pagtuntong ko sa kaniyang kultural na produksiyon upang makatayo at gumawa ng panibago, ay dobleng pahayag: pagkilala ito sa kaniyang impluwensiya, at pagbalikwas din mula rito.

## Si Madonna bilang tagalabas

Noong unang lumitaw si Madonna noong 1983, napagkamalan siyang isang black singer. Hindi nakalagay ang mukha niya sa single sleeve ng "Everybody," ang kaniyang unang-unang single, at ang tunog ng kaniyang musika, maging ang kaniyang boses, ay mas naiuugnay sa musika ng mga African-American. Kaya maraming nagulat nang lumitaw siya, dahil ibang-iba ang itsura sa inaasahan: puti ang balat, asul ang mga mata, blonde ang buhok. (Guilbert, 2002)

At matapos ang pamoso na ngayong performance niya ng "Like A Virgin" sa MTV Video Music Awards noong 14 Setyembre 1984, maaaring sabihing isa na siya sa pinakasikat na pop star sa buong mundo. Pero kahit noong kaputukan ng kaniyang kabataan at popularidad, kahit noong ang itsura niya ang naging padron ng napakaraming kabataang babae (ang mga wannabe), nanatili pa rin siyang iba, kaya hindi lubos na tinatanggap, at kung minsan sadyang itinuturing na tagalabas.

Instruktibo ang naging engkuwentro nila ni Barbra Streisand noong nagsisimula pa lamang sumikat si Madonna. Inimbita raw ni Streisand, isang senior pop superstar at may hindi matatawarang kakayahan sa pag-awit, si Madonna sa isang hapunan. Ayon sa isang account, matinding interbiyu ang ginawa kay Madonna: "[Barbra Streisand] wanted to know everything about the way I dressed, the jewelry I wore, the way I sang, and how I grew up in Detroit" (Andersen as cited in Benson & Metz, 1999,




**Fig. 1.** Cover ng *Holiday* single. (Kuha ng may akda)

p. 106). Pero ang udyok sa pakikisalo sa hapunan ay hindi naman talaga ingklusibo. Pinananatili ni Streisand ang kaibhan ni Madonna, isang upstart kumbaga, mula sa kaniya at iba pang tulad niya. Ang tanging appeal ng pakikipaghuntahan rito ay nasa level ng pagkamangha sa espektakulo ng iba-sa-Sarili.[7] Narito ang isang sipi mula sa account ng buhay ni Madonna sa New York noong panahon na iyon:

> Madonna walked away feeling they had a genuine exchange—as onesinger to another. Streisand, however, was less than charitable in her assessment of her dinner guest. According to a friend who spoke with her shortly after the dinner date, "Barbra looked at Madonna as a curiousity. She admired the girl's chutzpa, but I got the impression she thought Madonna's singing was a joke." (Andersen as cited in Benson & Metz, 1999, p. 106)

Maaari itong suportahan ng pahayag mismo ni Streisand tungkol sa naturang hapunan kasama si Madonna noong ang huli ay isa pang "obscure pop singer." Nagulat diumano siya sa biglaang pag-order ni Madonna ng isang buong isda nang walang pasintabi. Sa madaling salita, sinasabi ni Streisand na walang modo ang baguhan, wala pang alam sa tamang etiketa sa pakikipaghapunan sa ibang tao, at siyempre, hindi kabilang.[8]

> We took her out for a Chinese meal...and she orders a whole fish! When I go out with people, I don't order lobster or steak. I think maybe they can't afford it or something. (Streisand as cited in Levitt, 1993)

Halos ganito rin ang sinapit ng kaniyang maikling pakikipag-ugnayan sa nabanggit sa itaas na si JFK, Jr. Nasa rurok na siya ng tagumpay, pero negatibo pa rin ang persepsiyon sa kaniya ni Jackie Onassis, ina ng lalaki (Taraborelli, 2001). Tulad ni Streisand, ang turing ni Onassis kay Madonna ay hindi kabilang sa kaniyang grupo, sa kaniyang level, at lalong hindi karapat-dapat na magkaroon ng romantikong relasyon sa kaniyang anak na si JFK, Jr.

> [Jackie Onassis] was one of the few people in the world she really admired, recalls a friend, adding, "Madonna was impressed by her style." Unfortunately, those feelings were not reciprocated. A stilted meeting at Jackie O's elegant Fifth Avenue apartment...left [Madonna] under no illusion that her charm had failed to win over her hostess. It was

> clear that Jackie O did not want [John F. Kennedy, Jr.] to be seen with, let alone to date, such a controversial character…. (Morton, 2001, p. 155-156)

> “Jackie wanted her son to be with a woman of a certain breeding,” said a Kennedy family friend, Senator George Smathers of Florida… “She wanted both of her children to be with a person of class…” (Taraborelli, 2001, p. 137)

Tagalabas si Madonna at iba-iba ang dahilan ng kaniyang pagkaetsapuwera. Sa itaas, maaaring isipin na ang kaniyang pagiging ordinaryo at astang kalye (street) ang dahilan. Hindi siya sopistikado at hindi kabilang sa grupo ng mga tao na may “certain breeding.”

Labis ang sentralidad ng pagiging tagalabas sa pagmimito ni Madonna sa kaniyang sarili, kaya kahit sa kaniyang iba’t ibang pagmimito ng sarili, lagi niyang inilalarawan ang sarili bilang rebelde, bilang kakatwa. Noong kabataan niya, madalas siyang maetsapuwera dahil sa kaniyang mga personal na interes na noon pa man ay hindi na karaniwan sa kaniyang mga kaedad. Halimbawa, ayon sa kanyang biographer na si Andersen (1991), may abersiyon siya talaga sa pagsunod sa batas at gustong maging sentro ng atensiyon, kaya nagsuot siya ng mga flesh-colored panty sa isang cheering performance: sa tuwing tuma-tumbling, inaakala ng mga manonood na wala siyang suot na underwear at pumapasok na may bitbit na manyika noong estudyante sa Rochester School of Ballet; sa isang artikulong siya mismo ang nagsulat, inamin ni Madonna na hindi siya nag-aahit ng buhok sa katawan (Ciccone, 2013). Ang kaniyang pagiging iba, ang pagiging tagalabas, ang naging dahilan din ng kaniyang pagiging malapit kay Christopher Flynn, isang baklang guro. Nakatagpo sila ni Flynn ng komonalidad bilang kapuwa tagalabas sa konserbatibong Detroit. Sa katunayan, si Flynn ang itinuturo ni Madonna bilang pangunahing impluwensiya sa pagkalubog niya sa gay club subculture, isang kultura ng mga indibidwal na nagkakanlong ng mga indibidwal na may mga identidad na hindi tinatanggap ng mainstream. Sa madaling salita, kultura ng mga tagalabas (see Andersen 1991, Morton 2001, Ciccone 2008). Kaya nga sa isang punto ng kaniyang career, idineklara ng isang kritiko na dinadala niya ang “margins” papuntang sentro (Schiwchtenberg as cited in Benson & Metz, 1999).

Kahit sa kaniyang produksiyon bilang isang manunulat ng panitikang pambata, tagalabas pa rin ang kaniyang bida. Ang bida sa *The English Roses* (Ciccone, 2003) ay si Binah, isang tagalabas. Itinampok pa nga ang katangiang ito sa mismong pabalat, na ipinapakita si Binah na nakahiwalay




**Fig. 2.** Cover ng The *English Roses: Too Good to be True*. (Kuha ng may akda)

sa "English Roses," isang grupo ng mga kabataang babae na popular sa paaralan.

Nang magtayo siya ng sariling entertainment company—sakop ang publishing, recording, at film—ang pinili niyang pangalan ay Maverick (Givens & DiMartino, 1992). Ang maverick ay isang "tao na may masidhing paniniwala sa kaniyang sariling pagkukuro o opinyon" (Almario, 2001, p. 552)—isang katangian na maaaring magdulot ng eksklusyon ng isang indibidwal. Nang magsulat siya ng kaniyang "mini-autobiography" para sa Harper's Bazaar, muli niyang binigyan ng diin ang pagmimito sa sarili bilang isang tagalabas (Ciccone, 2013). Sa pagkakataong ito, pinatingkad din niya ang relasyon ng pagiging artist na tagalabas sa mga ideya tungkol sa panganib, rebelyon, pagiging anti-establishment sa pagiging isang tunay na artist. Basahin ang sipi:

> [G]rowing up in a suburb in the Midwest was all I needed to understand that the world was divided into two categories: people who followed the status quo and played it safe, and people who threw convention out the window and danced to the beat of a different drum. I hurled myself into the

> second category, and soon discovered that being a rebel and not conforming doesn't make you very popular. In fact, it does the opposite. You are viewed as a suspicious character. A troublemaker. Someone dangerous.
>
> When you're 15, this can feel a little uncomfortable. Teenagers want to fit in on one hand and be rebellious on the other. Drinking beer and smoking weed in the parking lot of my high school was not my idea of being rebellious, because that's what everybody did. And I never wanted to do what everybody did. I thought it was cooler to not shave my legs or under my arms. I mean, why did God give us hair there anyways? Why didn't guys have to shave there? Why was it accepted in Europe but not in America? No one could answer my questions in a satisfactory manner, so I pushed the envelope even further. I refused to wear makeup and tied scarves around my head like a Russian peasant. I did the opposite of what all the other girls were doing, and I turned myself into a real man repeller. I dared people to like me and my nonconformity.
>
> That didn't go very well. Most people thought I was strange. I didn't have many friends; I might not have had any friends. But it all turned out good in the end, because when you aren't popular and you don't have a social life, it gives you more time to focus on your future. And for me, that was going to New York to become a REAL artist. To be able to express myself in a city of nonconformists. To revel and shimmy and shake in a world and be surrounded by daring people. (Ciccone, 2013, para. 5-7)

Ang sipi sa itaas ang maaaring ituring na rationale ng kaniyang pagdalo sa MET Gala noong 2013. Ang theme ng gala ay *PUNK: Chaos to Couture*. Inaasahan siyempre na nakasuot ng damit na temang punk ang mga dumalo. Ang isa sa mga matagumpay—kung hindi man ituturing na pinakamatagumpay—ay si Madonna.[9]

Interesante ang pagbibihis ni Madonna bilang punk bilang ilustrasyon ng kaniyang pagbuo ng sariling mitolohiya. Ang kulturang punk ay isang subculture na anti-establishment, dahil ito ay nagrerebelde sa popular at komersiyal na uri ng entertainment (Dylan in Muggleton & Weinzierl, 2003). Pero ang ironiko sa punk, bahagi rin ito mismo ng kulturang tinutuligsa nito.

Ayon kay Ryan Moore, maaaring tingnan ang punk bilang dekonstruktibo at postmoderno, pangunahin dahil sa do-it-yourself ethic (Moore, 2004). Maaasahan naman talaga na magiging madali lang para kay Madonna ang magsuot ng damit na may matinding ebokasyon ng kulturang punk dahil lumaki siya noong panahon kung kailan namamayagpag ito (Cooper, 1999). Ilang beses na rin niyang inilarawan sa iba't ibang interbiyu ang rebeldeng ugali bilang "punk rock" ("Madonna bans TV for kids," 2013). Itinuturing niyang impluwensiya si Debbie Harry, bokalista ng Blondie at isa sa mga itinuturing na punk icons.[10] Makikita rin ang impluwensiya ng punk rock sa pananamit, musika at onstage atttitude ni Madonna sa Drowned World Tour noong 2001. NeoPunk ang pangalan ng unang segment ng concert, kung saan nakasuot si Madonna at kaniyang mga dancers ng futuristikong bersiyon ng punk fashion. Ang kaniyang pananalita rin ay ginagagad ang attitude ng mga punk. "Fuck off, motherfuckers!" o "Fuck you, (venue ng concert)!" ang kaniyang pagbati sa mga manonood kada gabi. Binanggit din sa mga review ang pag-channel niya kay Sid Vicious: "[S]he was trying to dredge up the woozy ghost of Sid Vicious..." (Gay, 2001, para. 28).

Kilala si Madonna bilang artista na ayaw na ayaw sa nostalgia. Ito nga ang ipinagpapalagay na dahilan kung bakit wala pa siyang greatest hits tour,[11] at kung bakit ayaw niya ring kantahin ang "Take A Bow." Pero ang imahen na inihain niya sa Met Gala ay isang malinaw na akto ng nostalgia.[12] Ang nostalgia na ito ay na-filter pa rin ng kaniyang abersiyon sa nakaraan: lumilingon ito sa luma pero may pagkamilitante pa rin tungkol sa pagsusulong ng bago. At itong paggigiit ng pagiging bago, tulad rin ng klasikong pagtingin sa maraming bagay na may kinalaman kay Madonna,[13] nakalubog sa mga kontradiksyon dahil maaaring tingnan bilang progresibo o reaksiyonaryo (cf. Hooks, 1993, Nakayama and Peñaloza, 1993).

Reaksiyonaryo ito dahil ang mismong partisipasyon sa isang event tulad ng Met Gala ay antitetikal sa ethos ng punk: kumakatawan ito sa mismong establishment na tinutuligsa ng punk. Lalo na at si Madonna ang napiling maging musa ni Riccardo Tisci, ang fashion designer ng Givenchy na siyang nagdisenyo ng kasuotan ni Madonna sa gabing iyon (Karimzadeh, 2013). Tatlo ang kaniyang ginawan ng design, pero si Madonna ang tanging sinamahan sa red carpet. Ironiko rin ang pagsusuot ni Madonna ng punk fashion[14] dahil isa siyang Rock and Roll Hall of Fame inductee. Ang Rock and Roll Hall of Fame ay pamosong ipinahiya ng bandang punk na Sex Pistols. Tinawag nila itong "piss stain" ("The Rock and Roll Hall of Fame is a piss stain," 2010). Hindi sila dumalo sa induction, dahil ang pagtanggap ng parangal ay tinitingnan nila bilang pagtanggap sa kooptasyon ng establishment.

Sa kabilang banda, maituturing naman itong progresibo dahil ang presensiya ni Madonna sa Met Gala taong 2013—bilang musa ni Riccardo Tisci, at bilang isa sa mga pinakaimportanteng celebrity—ay isa rin mismong "piss stain" sa music at fashion industry sa US at maging sa buong mundo. Ang mga industriyang ito ay nagbibigay ng premium sa kabataan at sa mga bagong acts, taliwas na taliwas sa kinakatawan ni Madonna na 55 taong gulang na pero nananatiling transgresibo at seksuwal ang imahen—maliban pa kay Tisci, kasama rin niya sa red carpet si Brahim Zaibat, ang kaniyang noon ay 25 taong gulang na boyfriend.[15]

Ganito ko tinitingnan ang pagtatangkang hanapin ang ugat ng udyok na magkuwento, tigib ng kontradiksiyon, lumilingon sa nakaraan (paulit-ulit na kuwento ng pagkukuwento ng tatay, nanay, lola at iba pang mga kapamilya) at may pagkilala sa tradisyon (may mga manunulat na nauna sa ganitong uri ng panulat at sumusunod ang panulat ko sa kanilang hinawan na landas) pero nananatiling nakatiim ang mga paa sa lupa ng kasalukuyan (tipong ganito akong magsulat ngayon, o ito ang sitwasyon ng kasalukuyang produksiyon ng panitikan) at may paggigiit sa bago (ito ang akda ng isang mababang gitnang uring baklang akademikong tagalabas), at ang anumang bago—na lagi ring nagbabago—ay may doble ring pag-iral: may pagkakautang ito sa tradisyon, at isa ring pagbalikwas sa tradisyon na ito.

Nang mag-guest si Madonna sa *Oprah* noong 2006 para ipaliwanag ang mga nangyari—marami kasi ang nagalit dahil inakala ng lahat na dinaya ni Madonna ang proseso ng pag-aampon—sinabi niyang nais niyang tulungan ni David ang kaniyang mga kababayan paglaki nito (Blacklist, 2014).

Kahit namuhay nang marangya si David Banda sa pangangalaga ni Madonna, tulad ng pamumuhay ko nang matiwasay bilang isang postkolonyal na subheto (hindi ko tinitingnan ang sarili bilang aberasyon dahil nakalubog ako sa kultura ng neoliberalismo, naniniwala na kumikilapsaw sa reyalidad ang mumunting subersiyon sa pagsusulat), hindi pa rin lubos na mabubura ang katotohanan na nahiwalay siya sa kultura at bayan na kaniyang sinilangan, at ang tanging magagawa na lamang niya para mabawi ang hindi naman na talaga mababawi, ay ang pangako ng pagbabalik, ang pangako ng pagiging mabuti. Dahil sa katapusan, lumitaw si Madonna sa palabas ni Oprah upang humingi ng patawad, hindi dahil dinaya niya ang mga internasyonal na batas tungkol sa pag-aampon sa Africa, kundi humihingi siya ng tawad sa pagkakait niya ng katutubong identidad kay David Banda. Pero tulad ng lantay na katutubong identidad na nawala na sa akin—inilagay ako ng kasaysayan kung kailan sinakop na ang bansa ng samot-saring Madonna—hindi na ito mababawi pa. Ang pagsusulat ang aking mea culpa.

Ito ay pagtanggap sa "pagkakamali,"[16] pero hindi pagsuko ng ahensiya. Ayon kay Rolando Tolentino (2009), ang panitikan ay hindi naman

nakapagbubunsod ng agarang pagbabago, maaari pa ngang isipin na hanggang papel lamang ito, pero ang kapangyarihan nito ay mag-ingay pukawin ang atensiyon ng mambabasa, ng iba, ng lipunan, upang tingnan ang isang partikular na isyu. Nakikipagtunggali ang panitikan sa level ng kultura, sa transaksiyon ng mga imahen at representasyon, na siyang ginawa ni Madonna nang piliin niyang lumitaw sa MET Gala nang ganito ang itsura, at siya ring ginagawa ko sa tuwing pinipili kong sumulat ng kuwento tungkol sa karanasan ng mga tagalabas.

## Ang pagsulat bilang kumpisal

Sa isang sound check ng kantang "Love Spent" (Ciccone, Orbit, Baptiste, Hamilton, Whyte, Buendia, & McHenry, 2012) sa *MDNA Tour*, nilinaw ni Madonna ang posisyon ng isang tagalabas sa kaniyang pangungumpisal. "I'm not really singing about myself," sabi niya sa mga nanonood ("Madonna Fancuts," 2012). Ang album na *MDNA* ay itinuturing na pangalawang divorce album ni Madonna, at ang "Love Spent" ang isa sa pinakapopular na track dahil isa ito sa maituturing na pinakamapagbunyag ng pinagdaanan ni Madonna sa paghihiwalay nila ng direktor na si Guy Ritchie (Willman, 2012). Sa kanta, naghihinaing ang persona sa pagiging ganid ng kaniyang mangingibig. Ginamit siya nito sa romantiko, seksuwal, at ekonomikong paraan: pinakasalan siya, saka "ninakawan" ng pera. Bagaman hindi binanggit nang tahasan ang diborsiyo sa kanta, mahihiwatigan ito sa mga linyang "Would you have married me/ if I were poor?" at "Hold me like your money/ tell me that you want me." (Ciccone, et al, 2012)

Hindi ito ini-release na single at hindi rin kasama sa orihinal na set list ng *MDNA Tour*, pero naisingit sa gitna ng tour dahil sa tindi ng positibong tugon ng fans ("MDNA Tour Setlist," 2012). Ang reaksiyon ay maaaring isiping dulot ng pangkalahatang pananaw sa kanta bilang isang bibihirang sandali ng pagbubuyangyang ni Madonna ng kung ano ang nasa ilalim ng kaniyang publikong persona.[17] Hindi na kasi siya gaanong nagpapainterbiyu, kaya halos hindi na nahu-humanize sa kaniyang mga tagahanga. Wala rin siyang ibinigay na personal na pahayag tungkol sa diborsiyo nila ni Ritchie, kaya mahalaga ang "I'm not really singing about myself." Isa iyong paglilinaw ng tagalabas tungkol sa kalikasan ng kaniyang produksiyon: totoo ang kaniyang sinasabi sa kanta, pero hindi rin.

Ayon kay Michel Foucault (1978), ang pangungumpisal ay mahalagang instrumento sa produksiyon ng katotohanan sa Kanluran mula pa noong Edad Medya, at ito ang dahilan kung bakit sentral na ito sa pakikipag-ugnayan ng bawat indibidwal sa modernong lipunan. Basahin ang sipi:

> We have since become a singularly confessing society. The confession has spread its effects far and wide. It plays a part in justice, medicine, education, family relationships, and love relations, in the most ordinary affairs of everyday life, and in the most solemn rites; one confesses one's crimes, one's sins, one's thoughts and desires, one's illnesses and troubles; one goes about telling, with the greatest precision, whatever is most difficult to tell. One confesses in public and in private, to one's parents, one's educators, one's doctor, to those one loves; one admits to oneself, in pleasure and in pain, things it would be impossible to tell anyone else, the things people write books about. One confesses—or is forced to confess. (p. 59)

Sentral ang naging papel nito sa pagpapalaganap ng kapangyarihan, pangunahin dahil sa kapasidad nitong magbigay ng ilusyon ng pagpapalaya sa nangungumpisal (naibubulalas ang mga saloobin, naiibsan ang bigat ng pagbitbit ng mga sekreto) at kasabay nito, pagbuo rin ng subheto, dahil ito ay ritwal na diskurso na ang nagwiwikang subheto rin ang pinapaksa ng pagpapahayag, kung kaya isang uri ng artikulasyon ng kaniyang identidad (Foucault, 1978). Isa ring mito ang kakayahan ng pangungumpisal na magpalaya, dahil isa lamang ito sa maraming paraan sa patuloy na panggagahis, ng pagpapasunod sa awtoridad.

Hindi mahirap makita ang impluwensiya ng pangungumpisal sa kasaysayan ng Pilipinas. Ang kagyat na makikita ay ang manipestasyon nito sa kulturang popular. Samot-sari ang ekshortasyon para sa "pagpapakatotoo," patuloy ang popularidad ng mga reality show sa telebisyon, ang walang patumanggang pag-amin ng mga artista sa kanilang mga personal na desisyon sa buhay, at siyempre pa, ang halos ritwalistikong pagsagot ng bawat Facebook user sa tanong na "What's on your mind?" Maaari na ngang tingnan ang social media bilang isang walang hanggang kumpisalang bayan.

Pero ang Edad Medyang tendensiya na ito ay makikita rin sa Pilipinas kung babalik sa kasaysayan. Dahil nga ang mga namumuno sa bansa noon ay hindi naman talaga ang Hari ng Espanya kundi ang mga prayleng naghahari-harian sa iba't ibang kapuluan, ang mga simbahan na bahagi ng bawat puweblo ang nagpapatupad ng surveillance sa mga mamamayan. Naisagawa ang pagmamatyag sa pamamagitan ng indoktrinasyon sa pananampalatayang mamad sa mentalidad ng Edad Medya, ang tunggalian ng katawan at kaluluwa. Ang katawan ay tinitingnan bilang bukal ng kasamaan dahil sa mga pagnanasang taglay nito, at ang bunga nito ay ang mga "sugat" sa kaluluwa. Siyempre pa, sa ganitong pananaw, ang pari

lamang ang pagmumulan ng saklolo. Tingnan halimbawa ang siping ito mula sa *Meditaciones* ni Pedro de Herrera (1843), at inilalarawan niya dito ang Diyos bilang doktor ng mga kaluluwang sugatan dahil sa kasalanan. Tumutugma rin ito sa paglalarawan ni Foucault sa pangungumpisal bilang isang uri ng siyentipikong dulog sa pag-unawa sa sex i.e. *scientia sexualis.*

> Caya nga yata **Panginoon co Medicong marunong**, papanhican ca nang capurihan at honra cun acong may saquit nang icamamatay ay gamotin mo. Pacagalingin mo aco yayang may igagamot ca sa aquin diyan sa manga mahal na sugat mo, na sucat icagaling nang tauo sa dilan saquit, at icababahao nang lahat nang caloloua nila. Papatacan mo aco Panginoon co, niyang dagtang mabango capatac man lamang na dugo mo, ang ibuhos mo sa aquin, ay icagagaling co, at icababahao nang manga sugat, at icalilinis nang caloloua co,t, icapuputi pa niya na lalo sa busilac. (p. 45; Akin ang diin)

Ang pinakamahusay na patunay ng pagiging epektibo ng pangungumpisal bilang instrumento ng pagmamatyag ay nang may isang mangumpisal kay Padre Mariano Gil tungkol sa napipintong pag-aaklas noong 1896 (Constantino, 1975). Dahil sa kumpisal na iyon, pinahalughog ang palimbagan ng *Diario de Manila* at nakakuha ng ebidensiya ang pari laban sa Katipunan. Marami ring mga Katipunero ang inaresto at ikinulong, at nabigla ang pagsisimula ng rebolusyon (Constantino, 1975; "A Secret Worth Two Pesos"; n.d.).

Dahil sa kalikasang ito ng pangungumpisal—nakalubog sa relasyong pangkapangyarihan—ang katotohanang nalilikha nito ay hindi inosente, kundi interesado. Sa panitikan, ang interes ng katotohanan sa likod ng pangungumpisal na nagpapaiba rito sa mga naunang hawig na genre na memoir at apology. Ang interes ng memoir ay bigyang artikulasyon at angkinin ang historisidad ng sarili, ang apology naman ay interesado sa demostrasyon at realisasyon ng integridad ng sarili, at ang pangungumpisal (confession) ay interesadong ipabatid at ipahayag ang esensiyal na kalikasan at ang katotohanan ng sarili. Kaya ang memoir ay historikal o kultural, ang apology ay etikal, at ang pangungumpisal ay ontolohikal, i. e. may kinalaman sa pag-ukilkil sa pag-iral (Hart as cited in Coetzee, 1985).

Sa pagsusuri ni John Maxwell Coetzee (1985) sa mga akda nina Tolstoy, Rousseau, at Dostoevsky, tinukoy niya ang relihiyosong ugat ng pangungumpisal (confession) bilang genre, dahil ang isa sa mga unang nagsulat nito ay si San Agustin (1997), at ang unti-unting sekularisasyon nito dahil sa mga impluwensiyal na akda nina Michel de Montaigne at

Jean-Jacques Rousseau. Sa paglalarawan ng pagbabago ng pangungumpisal bilang genre, napalitaw ni Coetzee (1985) na ang katotohanan sa likod ng pangungumpisal na matatagpuan sa mga akda nina Tolstoy, Rousseau, at Dostoevsky ay hindi naman lubos o tiyak. Tulad ng katotohanan na inilarawan ni Foucault, interesado ang katotohanang ito, dahil bumubukal lamang sa impetus na lumikha ng persepsiyon ng sarili na nangungumpisal. Isa rin itong uri ng pagmimito, na inilarawan pa nga niya bilang makasarili (self-serving). Basahin ang sipi:

> The possibility we face is of a confession made via a process of relentless self-unmasking which might yet be not the truth but **a self-serving fiction, because the unexamined, unexaminable principle behind it may be not a desire for the truth but a desire to be a particular way.** (Coetzee, 1985, p. 220; Akin ang diin)

Sa sanaysay ni Louise Glück (1993) tungkol sa confessional poetry, at sa kaugnayan nito sa katotohanan, at sa mismong makata, inilarawan din niya ang persona sa likod ng mga tulang confessional bilang likha lamang ng makata. Likha lamang ito, kathang-isip, mito, pero nananatiling totoo. Dahil sa pormulasyon ni Gluck, ang bukal ng sining ay karanasan, kaya materyal at totoo, pero dumadaan ito sa transpormasyon sa proseso ng paglikha. Ang gitnang termino, ang pinagmumulan ng medyasyon sa pagitan ng aktuwal at sining ay ang manunulat, na siyang nagdaragdag, nagbabawas, nagmamanipula, at nagsisinungaling, para makalikha ng katotohanan (Glück, 1993). Rekisito ang katapatan sa pagsulat ng tulang confessional, pero hindi ito nangangahulugan ng madali at direktang tumbasan ng mga aktuwal na pangyayari, ng makata, at ng mga nilalaman (at hindi nilalaman) ng kaniyang mga taludtod, at ng persona sa tula. Nagsisinungaling ang makata para makapagpahayag ng kaniyang katotohanan.

Ganito rin ang paninindigan ni J. Neil Garcia (2007) sa kaniyang pag-unawa sa ugnayan ng confessional na tula na likha ng mga baklang makata. Eksplisito niya itong tinawag na isang uri ng paglikha ng mito (myth-making), at sa ibang pagkakataon ay inilarawan din bilang etnograpiko. Taglay ng panitikang bakla ang pagsasalimbayan ng mga kontradiktoryong katangian na ito—totoo at hindi totoo—sa pagpapahayag ng katotohanan. Batay sa naging karanasan ni Garcia (2012), ito ang default na moda ng kaniyang produksiyon ng pagtula bilang baklang makata at maaaring isipin, bilang ekstensiyon, ng panulat ng iba pang bakla. Hindi maiwawaksi ang katotohanan na ang pinagmumulang subjectivity ng panulat ng mga bakla ay mula sa isang nagdurusang posisyon, na siyang nagbibigay rito ng katangian na hindi nalalayo sa pahayag nina Delueze at Guattari tungkol sa politikal

na kalikasan ng minor literature: politikal ito sa simula't sapol, dahil ang akto ng artikulasyon ay isa nang rebelyon sa pamamayani ng mapanggahum na panitikan, isang pagtanggi sa makinasyon ng pagbubura ng panitikan na suportado ng estado.[18] Basahin ang sipi:

> To the degree that a confessional poem unbosoms a painful truth, then we can say that gay poems are already, by definition, confessional: whatever else it does, a gay poem confesses what continues to be a difficult and shameful truth—in our homophobic world, a most troubling "homosexual truth"—about its creator. (Garcia, 2012, p. 16)

Ang pagtatago sa nakahihiyang katotohanan ay alingawngaw ng pahayag ni Foucault (1978) tungkol sa sentralidad ng sex bilang lihim, at siyang pangunahing target ng imposisyon sa lahat na mangumpisal. Si Garcia (Garcia & Remoto, 1996) rin ang nagpahayag ng pag-iral ng sex bilang lihim sa kasalukuyang lipunang Filipino sa kaniyang introduksiyon sa ikalawang antolohiya ng *Ladlad*. Nakatuntong ang pahayag na ito ni Garcia (1996) sa kaniyang pag-aaral sa ebolusyon ng kultura ng bakla sa Pilipinas. Basahin ang sipi:

> Only in the last half of this century did it become important for Filipinos in the Philippines to have a sexual orientation in the way this idea is, by now, commonly understood: as a question of the gender of one's sexual object-choice. In other words, although our predecessors were assumed and assumed themselves to be either male or female, it was only with the increased modernization of the institutions of media, medicine, academe and religion, that new generations of Filipinos were made to think they belonged to either a hetero- or homosexuality. And what makes this historical shift significant is that this new "sexual awareness" has begun to lodge itself in the center of things as a most definitive aspect of personality. Sex has become, paraphrasing Foucault, the secret that we all share, the truth that defines, in the deepest and most fundamental sense, who and what we are. (p. xv)

Tingnan halimbawa ang tulang ito ni Alwynn Javier (2013):

> ANG ABAY
>
> Makailang-ulit na rin akong
> nag-abay sa kasal,

ngunit ito ang kaiba sa lahat:
kasal ng aking kapatid
at abay rin ang aking mahal.

Sa altar, ipinahahayag ng nag-iibigan
ang banal nilang sumpaan.
Sa kanilang likuran,
sa magkabilang tabi
ng naggagandahang kapareha,
nagtititigan kami ng aking kasintahan.
Hindi. Hindi papayagan.
At di naman namin iyon kailangan.
Gusto ko rin sanang titigan
nang mata sa mata
ang Kristong kanilang dinarasalan
ngunit wala—
wala siyang kasalanan.
Nagsasaboy na ng bulaklak

ang mga mapagmahal na kamag-anak.
At ang aking mahal,
kitang-kita ko sa kanyang mukha
ang paghihilahan ng lungkot at tuwa

Saang dambana ko siya ihaharap?
Nilingon ko ang altar,
ang krus, ang mga rebulto,
ang mga nagsisigawang tao,
ang mga magulang ko.
Kaninong diyos kami dudulog?
At patuloy lamang sa paglakas
ang piyanong tumutugtog
sa kumpas ng kasiyahang
maugong na pumapaimbulog.

Para akong sasabog. (p. 44-45)

Kung babasahin ang tulang ito nang hindi nakalagay ang pangalan ng makata, maaaring isipin na ang persona ay heteroseksuwal. At ang kanilang relasyon ay bawal dahil sa ibang dahilan. Ang mga pahiwatig ay nasa mga linyang "Hindi. Hindi papayagan," "Saang dambana ko siya ihaharap?", at "Kaninong diyos kami dudulog?" Binubuksan lamang ng mga taludtod na ito ang espekulasyon para sa mambabasa: magkamag-anak kaya ang

persona at ang kaniyang kasintahan? Kasal na kaya silang dalawa, kundi man nakatali na sa ibang relasyon? Pero madiin ang mga linya tungkol sa kawalang masusulingan, ng kawalan ng magbabasbas, dahil ni hindi umiiral ang anumang batas para kilalanin ang gayong samahan—lampas sa mga batas ng organisadong relihiyon, dahil umaalagwa hanggang sa usapin ng espiritwalidad: "Kaninong diyos kami dudulog?"

Kahit pa sabihing nasa mga pahiwatig na rin ang "kabaklaan" ng tula, at bahagi ng husay ng tula ang kakayahang maiparating ang kabatiran nang hindi nakadepende sa pag-uugnay sa awtor, ang pangalan ng makata—ang kaniyang subjectivity—ang pinakamahusay na daluyan ng pagbasa na tungkol sa karanasang bakla ang tula. Ang pag-ugnay na ito ang siya ring maaaring pagmulan ng pagbasa na ito ay tulang confessional. Confessional, hindi dahil nangyari talaga na naging abay si Javier sa isang kasal, kasabay ng kaniyang kasintahan,[19] kundi confessional dahil nagbubunyag at umaamin sa karanasan ng isang baklang umiibig na kinakailangang maging bahagi ng isang ritwal na nagpapamukha ng kaniyang kaibhan at pagkatiwalag.

Confessional ito dahil umaamin sa umiiral na relasyong pangkapangyarihan: may altar na kumikilala ng "katotohanan" ng mga subheto, ang Katolikong altar, at may altar din na maaaring idulog ang pagsasantabi na ito, ang panulat. Sa altar na ito ng panulat, may kakayahan din ang persona na mag-atas kung inosente o hindi ang Katolikong altar. Kaya nagtatagumpay ang tula, dahil nababaligtad niya sa pahina, sa level ng representasyon, ang relasyong pangkapangyarihan, at naibubunyag ang pagsasantabi na ito. Basahin ang sipi:

> Gusto ko rin sanang titigan
> nang mata sa mata
> ang Kristong kanilang dinarasalan
> ngunit wala---
> wala siyang kasalanan. (Javier, 2013, p. 44)

Pinawalang-sala ng persona ang Kristong nakapako, dahil walang-sala ang simbolo ng Diyos, at ang tunay na salarin ay ang namamayaning heteroseksismo at homophobia. Maaari pa ngang ipanukala na ang kakayahan ng personang tumingin "nang mata sa mata" sa "Kristong dinadasalan" ay isang pagtatangkang ilarawan ang identipikasyon sa nakapako, sa nagdurusang simbolo ng pananampalataya. Tulad ni Kristo, walang kasalanan ang persona, at tulad rin ni Kristo, ang madlang pumalakpak sa katapusan ng seremonyas ng kasal, ang siya ring mga taong maituturing na pumapalakpak sa "pagkapako" ng persona, sa kaniyang pagdurusa. Hindi man direkta, ang patuloy na pagsuporta sa mapang-aping institusyon, sa kabila ng kaalaman na may nangyayaring pang-aapi, ay

pagsuporta rin sa gawain ng institusyon.

Pero hindi mabubura na ang persona ay bahagi rin ng kasal bilang abay. Dito susulpot ang persona bilang tagalabas: nasa loob siya, nasa puso ng simbahan, sukdulang may papel upang umandar ang ritwal, pero nasa labas pa rin. Nagkakasiyahan ang lahat, kasama niya, bilang implisito at eksplisitong suporta sa institusyon na nagtutulak sa kaniya palabas. At itong katotohanan na ito ang siyang nagbibigay ng kapangyarihan sa tula.

Kung iisipin na ang bawat pagsulat ay paglikha lamang ng mito—sa pagpapakahulugan na "imbento" lamang ito at hindi totoo—maaaring sabihin na lalabanan lamang ito ng iba pang mito, tulad halimbawa ng mga akda na tumutuligsa sa Hacienda Luisita Massacre. Ang produksiyon ng mga akdang kabilang sa koleksiyon na *Pakikiramay* (Barrios, 2004), ay maaaring tingnan bilang mga pagmimito ng mga manunulat, pero hindi nawawala na ang pagmimitong ito ay may pinaghuhugutang katotohanan: totoong mga tao ang pinaslang dahil sa pagkaganid sa lupa (Dychiu, 2010). Kahit tapatan ito ng pagmimito ng administrasyon at ng pamilyang Cojuangco, hindi nangangahulugan na mapapawalang-bisa nito ang pagmimito ng mga manunulat sa naturang koleksiyon. May timbang pa rin ang materyal at historikal na katotohanan sa pagtatasa sa katotohanang inihahain ng panitikan. Ito ang aktuwal na tinutukoy ni Gluck (1993) sa kaniyang sanaysay, at ang etnograpikong tinutukoy ni Garcia (2012). Hindi maaaring magmula sa wala ang katotohanan ang pagmimito sa panitikan. At lalo na, hindi dapat isawalang bahala ang kahalagahan ng medyasyon ng may-akda. Mayroon siyang sariling mga pagkiling at ideya, kaya ang katotohanan na kaniyang inihahayag ay interesado.

Sa tula ni Javier (2013), nakapagpapatunay rin ng pagiging confessional ang hindi matatanggal na implikasyon ng seksuwalidad ng may-akda. Hindi uubra ang tradisyonal na pormalistang pagbasa upang palitawin ang kapangyarihan at politika ng tulang *Ang Abay*. Hindi lamang din ito simpleng pagmimito at pagtatanghal ni Javier sa kaniyang persona bilang isang homoseksuwal na api, dahil kalangkap ng pagmimito ang etnograpiko: hindi pa rin lubos na tinatanggap ng Romano Simbahang Katolika ang homoseksuwalidad. Halimbawa, sa kabila ng mapagpalayang potensiyal ng "Who am I to judge?" na pahayag ni Pope Francis (as cited in Pentin, 2014), hindi pa rin maiwawaksi ang konserbatibong reaksiyon ng ibang miyembro ng simbahan sa isyu ng homoseksuwalidad, sukdulang ideklara pa nga ang naunang pahayag ng papa na ang unyon ng dalawang homoseksuwal bilang "anthropological regression."

Hindi sapat ang pormalismo upang maturol ang katotohanan bilang isang anyo ng pagsisinungaling, at ang kasinungalingan bilang isang anyo ng pagpapahayag ng katotohanan, ng pangungumpisal. Hamon din ito sa

mambabasa, dahil sa pagbasa nang malay sa taglay na mito at etnograpiko, kinakailangan ding kilalanin ng mambabasa ang kaniyang sariling mga prehuwisyo at pagtindig sa isyung inihahain. Sa pangungumpisal ng makata bilang persona sa tula, tumatayo ang mambabasa sa posisyon ng kinukumpisalan. Tatanggapin ba ang posisyon ng persona? Paniniwalaan ba ang sinasabing katotohanan ng akda? Totoo rin ba ito para sa mambabasa? Dinamikong relasyon ito, walang puknat ang pagtatanong tungkol sa katotohanan ng katotohanan. Patuloy ang siklo ng pagkilala at hindi, ang negosasyon ng kapangyarihan, upang maihayag ang katotohanan. Ito ang pag-iingay ng panitikan, na maaaring pagmulan ng materyal na pagbabago.

## SANGGUNIAN

A secret worth two pesos. (n.d.). Retrieved from http://nhcp.gov.ph/a-secret-worth-two-pesos

Augustine. (1997). *The confessions of St. Augustine.* (Rev. J.M. Lelen, Trans.). New Jersey: Catholic Book Publishing Company.

Almario, V. S. (Ed.) (2001). *UP diksiyonaryong Filipino.* Pasig City: Anvil Publishing, Inc.

Andersen, C. (1991). *Madonna: Unauthorized.* New York: Simon and Schuster.

Barrios, J. (Ed.). (2004). *Pakikiramay: alay ng mga makata sa mga magsasaka ng Hacienda Luisita.* Manila: Congress of Teachers for Nationalism.

Barthes, R. (1972). *Mythologies* (A. Lavers, Trans.) New York: Noonday Press.

Benson, C.& Metz, A.(Eds.). (1999). *The Madonna companion: Two decades of commentary.* New York: Schirmer Books.

Blacklist. (2014, June 29). 2003 – Madonna interview – The Oprah Winfrey Show (Part 1). [Video file]. Retrieved from https://www.youtube.com/watch?v=1oM-EAVOTfM.

Ciccone, C. (2008). *Life with my sister Madonna.* New York: Simon Spotlight Entertainment.

Ciccone, M. (1983). Everybody [Recorded by Madonna Ciccone]. On *Madonna*. [Compact disc]. New York: Warner Bros.

Ciccone, M. (2003). *The English Roses: Too Good to be True.* New York: Callaway.

Ciccone, M. & Thykier, K. (Producers), & Ciccone, M. (Director). (2011). *W. E.* United States: Semtex Films.

Ciccone, M. (2013, October 4). Madonna's Back. *Harper's Bazaar*. Retrieved from http://www.harpersbazaar.com/celebrity/news/madonna-interview-1113.

Ciccone, M. Orbit W., Baptiste, J., Hamilton, P., Whyte A., Buendia R., McHenry M. (2012). Love Spent [Recorded by Madonna Ciccone]. On *MDNA*. [Compact disc]. USA: Interscope.

Cicurel, D. (2014, August 21). Has Madona broken up with her 26-year-old toyboy Timor? *Glamour.* Retrieved from http://www.glamourmagazine.co.uk/news/celebrity/2014/06/18/madonna-and-dancer-timor-steffens-dating-and-relationship-news.

Cinquemani, S. (2012, March 21). Review: Madonna, MDNA. *Slant Magazine*. Retrieved from http://www.slantmagazine.com/music/review/madonna-mdna.

Coetzee, J. M. (1985). Confession and double thoughts: Tolstoy, Rousseau, Dostoevsky. *Comparative Literature, 37*(3). 193-232.

Constantino, R. (1975). *Volume 1 The Philippines: A past revisited (Pre-Spanish-1941).* Quezon City: Tala Publishing, Inc.

Cooper, R. (1999). *The history of punk rock: A brief history of punk* Retrieved from http://punkmusic.about.com/od/punk101/a/punkhistory2.htm.

de Certeau, M. (1984). *The practice of everyday life* (S. Rendall, Trans.). Los Angeles: University of California Press.

de Herrera, P. (1843). *Meditaciones, cun manga mahal na pagninilay na sadia sa santong pageexercicios.* Manila.

Deleuze, G. & Guattari, F. (2001). What is a minor literature? In V. B. Leitch (Ed.), *The Norton anthology of theory and criticism* (pp. 1598-1600). New York: W. W. Norton and Company, Inc.

de Montaigne, M. (1991). *The essays: A selection* (M. A. Screech, Trans.). London: Penguin Books.

Dychiu, S. (2010, January 18). Hacienda Luisita's past haunts Noynoy's future. Retrieved from https://

www.gmanetwork.com/news/news/specialreports/181877/hacienda-luisita-s-past-haunts-noynoy-s-future/story/.

Eliade, M. (1959). *The sacred and the profane: The nature of religion* (W. R. Trask, Trans.). New York: Harcourt, Brace, and World, Inc.

Ellwood, R. (2008). *Myth: Key concepts in religion.* London: Continuum International Publishing Group.

Eugenio, D. (2001). *Philippine folk literature: The myths.* Quezon City: University of the Philippines Press.

Fiske, J. (1984). *Reading the popular.* New York: Routledge.

Fleming, O. (2013, May 7). The high priestesses of punk: Sarah Jessica Parker and Madonna rule Met Gala red carpet with just a few stars brave enough to embrace rebellious theme. *Daily Mail.* Retrieved from http://www.dailymail.co.uk/femail/article-2320524/The-high-priestesses-punk-Sarah-Jessica-Parker-Madonna-rule-Met-Gala-2013-red-carpet.html.

Foucault, M. (1978). *The history of sexuality volume 1: An introduction* (R.Hurley, Trans). New York: Random House.

Givens, R. & DiMartino, D. (1992, May 1). Madonna's factory: Madonna starts a media company. *Entertainment Weekly.* Retrieved from http://www.ew.com/ew/article/0,,310352,00.html.

Garcia, J. N. C. (1996). *Philippine gay culture the last thirty years binabae to bakla silahis to msm.* Quezon City: University of the Philippines Press.

Garcia, J. N. C.(2012). The gay self as myth: Confessionalism and myth-making in gay lyric poetry, *Diliman Review 59*(1-4), 11-42.

Garcia J. N., & Remoto, D. (Eds.). (1996). *Ladlad 2: An anthology of Philippine gay writing*. Pasig: Anvil Publishing, Inc.

Garcia J. N., & Remoto, D. (Eds.). (2007). *Ladlad 3: An anthology of Philippine gay writing*. Pasig: Anvil Publishing, Inc.

Gay, J. (2001, July 30). Rebuilt like a Detroit car with English upholstery, Madonna Ritchie returns to town that made her." *New York Observer.* Retrieved from http://observer.com/2001/07/rebuilt-like-a-detroit-car-with-english-upholstery-madonna-ritchie-returns-to-town-that-made-her/.

Glück, L. (1993). Against sincerity. Retrieved from http://billadamsphd.net/wp-content/uploads/2013/09/Against-Sincerity.pdf.

Guilbert, GC. (2002). *Madonna as postmodern myth: How one star's self-construction rewrites sex, gender, Hollywood and the American dream.* North Carolina: McFarland and Company Inc. Publishers.

Hilton, P. (2013, May 6). Madonna owns the theme and everyone else at the Met Gala. Retrieved from http://perezhilton.com/cocoperez/2013-05-06-met-gala-2013-madonna-red-carpet/#featured.

Hooks, B. (1993). Power to the pussy: We don't wanna be dicks in drag. In L. Frank & P. Smith (Eds), *Madonnarama: Essays on sex and popular culture* (pp. 65-80). Pennsylvania: Cleis Press.

Institute of Environmental Planning, University of the Philippines. *Comprehensive development plan: Municipality of Malabon, Metro Manila*. Manila: Metro Manila Commission and Development Research Foundations, Inc.

Javier, A. C. (2013). Ang Abay. *Ang Pasipiko sa loob ng aking maleta.* Quezon City: Ateneo de Manila University Press.

Karimzadeh, M. (2013, May 8). Ricardo Tisci reflects on his night at the Met. *WWD.* Retrieved from https://wwd.com/fashion-news/fashion-features/riccardo-tiscis-met-gets-6923680.

Kaufman, G. (2009, September 3). Madonna breaks her own solo-tour record with sticky and sweet. *MTV News*. Retrieved fromhttp://www.mtv.com/news/1620700/madonna-breaks-her-own-solo-tour-record-with-sticky-sweet/.

Kelly, T. & Steinberg, B. (1984). Like a Virgin [Recorded by Madonna Ciccone]. On *Like A Virgin*. [Compact disc]. New York: Warner Bros.

Levitt, S. (1993, August 30). Success becomes her: The richest women in showbiz splurge, scrimp and send small fortunes to charity. Above all, they know how to mind their million-dollar businesses," *People*, Agosto 30, 1993. In-access Pebrero 11, 2014. http://www.people.com/people/archive/article/0,,20106161,00.html.

Levy, J. (2012, march 26). MDNA. *Rolling Stone*. Retrieved from http://www.rollingstone.com/music/albumreviews/mdna-20120326.

Madonna bans TV for kids. (2013, May 24). Retrieved from https://www.abc.net.au/news/2008-04-28/madonna-bans-tv-for-kids/2417276.

Madonna Fancuts. (2012, July 12). *Madonna 24 Love Spent rehearsal Copenhagen 2012 MDNA tour (extra clip)* [Video file]. Retrieved from https://youtu.be/L5cXt_0Vp08

Madonna MDNA Tour – Setlist. Retrieved from http://www.mad-eyes.net/tours/mdna-tour/setlist.htm.

Marcus, S. (2012, February, 4). How Madonna liberated America. Retrieved from http://www.salon.com/2012/02/04/how_madonna_changed_america/.

Mitchell, J. (2012, March 22). Madonna's *MDNA*: The reviews are in! *MTV News*. Retrieved from http://www.mtv.com/news/1681578/madonna-mdna-album-reviews/.

Moore, R. (2004). Postmodernism and Punk Subculture: Cultures of Authenticity and Deconstruction. *The Communication Review* 7, 305-327.

Morton, A. (2001). *Madonna*. New York: St. Martin's Press.

Muggleton, D. & Weinzierl, R. (2003). *The post-subcultures reader*. Oxford: Berg.

Nakayama, T. K. & Penaloza, L. N. (1993). Madonna t/races: Music videos through the prism of color. In C. Schwichtenberg (Ed.), *The Madonna connection: Representational politics, subcultural indetitiesm and cultural theory* (pp. 39-56). Colorado: Westview Press.

Paglia, C. (1992). *Sex, art, and American culture: Essays*. New York: Vintage Books.

Pentin, E. (2014, January 3). Pope repeats that same-sex 'marriage' is "anthropological regression." Retrieved from http://www.ncregister.com/blog/edward-pentin/pope-repeats-that-same-sex-marriage-is-anthropological-regression.

Rafael, V. (2006). *The promise of the foreign: Nationalism and the technics of translation in the Spanish Philippines*. Pasig City: Anvil Publishing, Inc., 2006.

Robertson, P. (1996). *Guilty pleasures: Feminist camp from Mae West to Madonna*. London: Duke University Press.

Rousseau, J. J. (1956). *The confessions of Jean-Jacques Rousseau*. L. G. Croker, Ed.. New York: Pocket Books.

Rubenstein, J. H. (2013, May 7). Star spotting: Beyonce and Madonna rule the 2013 Met Gala because it's Beyonce and Madonna. *MTV News*. Retrieved from http://buzzworthy.mtv.com/2013/05/07/beyonce-madonna-2013-met-gala-photo/.

Scaggs, A. (2009). Madonna looks back: The Rollingstone interview. *RollingStone*. Retrieved from http://www.rollingstone.com/music/news/madonna-looks-back-the-rolling-stone-interview-20091029

Schwichtenberg, C. (Ed.). (1993). *The Madonna connection: Representational politics,subcultural identities, and cultural theory.* Colorado: Westview Press

Segal, R. A. (2004). *Myth: A very short introduction.* New York: Oxford University Press, Inc.

Madonna music career statistics. (2014, Oct. 31). Retrieved from http://www.statisticbrain.com/madonna-music-career-statistics.

Taraborrelli, J. R. (2001). *Madonna: An intimate biography.* New York: Simon and Schuster.

The Rock and Roll Hall of Fame is a piss stain. (2010, September 21). Retrieved from http://www.lettersofnote.com/2010/09/rock-and-roll-hall-of-fame-is-piss.html.

Tolentino, R. (2009). *Pag-aklas, pagbaklas, pagbagtas: Politikal na kritisismong pampanitikan.* Quezon City: University of the Philippines Press.

Willman, C (2012, March 27). Madonna's MDNA has critics pondering: Is it a dance or divorce album? Retrieved from https://www.yahoo.com/music/bp/madonna-mdna-critics-pondering-dance-divorce-album-194136700.html.

## Notes

[1] Batid ko na marami nang medyasyong pinagdaanan ang tekstong ito, at kung "tunay" na nais maging pilolohiko sa paglapit sa mito ay dapat bumalik pa sa Griyego. Pero bahagi ng pag-aaral na ito ang pag-unawa sa mito sang-ayon sa ating sariling wika at kultura. At sa kasalukuyan, ang *UP Diksiyonaryong Filipino*, hindi man perpekto, ang isa sa pinakamahusay na diksiyonaryo sa ating bansa.

[2] Maaari ding isama rito ang "di-pangkaraniwan," bagaman hindi naman ito agad nangangahulugan na hindi na agad totoo, i.e. kasinungalingan, ginagaygay pa rin ng konsepto ng "di-pangkaraniwan" ang mga limitasyon ng kung ano ang siyentipiko, realistiko, nauunawaan, karaniwan, katanggap-tanggap, kaya maaaring tingnan bilang hindi totoo, o halos hindi totoo.

[3] Walang katapusan ang maaaring maging patunay sa pahayag na ito, tulad ng pagkakaroon ng kursong may kinalaman kay Madonna sa Princeton University, Harvard University, UCLA, at University of Colorado, ang mga librong popular at akademiko tungkol kay Madonna, at siyempre pa, ang pag-iral ng pag-aaral na ito. Para sa siksik na salaysay—bagaman limitado lamang sa Amerika ang diskusyon. e.g., Marcus (2012). Para sa listahan ng mga unibersidad na may mga kurso tungkol kay Madonna at iba pang patunay ng tagumpay ni Madonna bilang kapitalista at kultural na icon, tingnan ang Georges-Claude Guilbert (2002), *Madonna as Postmodern Myth: How One Star's Self-Construction Rewrites Sex, Gender, Hollywood and the American Dream*.

[4] Ang pinakamalapit sigurong senaryo na maaaring ihambing rito ay ang pagdumog ng mga tao sa bawat concert ni Madonna. Laging nangunguna sa takilya ang kaniyang concert tours. Ang *Sticky and Sweet Tour* noong 2008 hanggang 2009, ay ang 2$^{nd}$ biggest-selling tour of all time. Tingnan ang Gil Kaufman (2009)

[5] "From a former swampland where bamboo shoots...grew abundantly, Malabon has been transformed into a thriving settlement. Today, the area does not only pride itself in supplying a large percentage of Metro Manila's food requirement, but it also has shown, during the last few year, a capacity to sustain the growth and type of development required of a fast growing urban community." (Institute of Environmental Planning, n.d., iv)

[6] "If the foreign can be regarded as medium for forging nationalism, could we not regard it then as a kind of technology? Could we not think of the foreign languages, dress, ideas, and machineries that increasingly penetrated and permeated colonial society...as infrastructures with which to extend one's reach while simultaneously bringing distant others up close?" (Rafael,2006, p. 5).

[7] Iba't iba ang alingawngaw ng kaibhan na ito. Maaaring may kinalaman sa pagiging isang celebrity, skilled singer, o kahit pa sa pagiging isang Amerikanong may pinag-aralan.

[8] Nang malaman rin daw ni Streisand na magkarelasyon sina Madonna at ang kaniyang ex-boyfriend na si Warren Beatty, tinawagan niya ang huli para pagsabihan. Sa pagkakataong ito, ang eksklusyon ni Madonna ay mula sa pelikula. Hindi siya tunay na "movie star." Hindi siya tulad nina Streisand at Beatty. "When she heard about Warren and Madonna, she became a great instigator. She and Warren had little to do with each other prior to that news, then suddenly she was his great protector, telling him that Madonna was only using him to advance her film career" Taraborrelli, 2001, P. 186).

[9] Tingnan halimbawa si Perez Hilton (2013); Jenna Hally Rubenstein (2013); Olivia Fleming (2013).

[10] Bagaman hindi hardcore.

[11] Ang pinakamalapit nang maituturing na greatest hits tour ay ang *Re-invention Tour* noong 2004, pero hindi naman ito estriktong greatest hits dahil behikulo pa rin para i-promote ang *American Life* album, ang kaniyang album noong era na iyon.

[12] Maaaring sabihin na imposisyon naman kasi ito ng tema, pero ang kaniyang lubos na pagyakap sa tema ng punk ay pahiwatig na isa itong pinag-isipang desisyon.

[13] Tingnan halimbawa ang negatibong reaksiyon sa librong *SEX* sa kabila ng ipinagmamalaki ni Madonna na liberatory potential nito para sa attitude ng US sa usapin ng sex at sexuality sa bell hooks (1993); ang iba't ibang racial na pagbasa sa mga music video ni Madonna nila Thomas K. Nakayama at Lisa N. Penaloza. (1993)

[14] Ang mismong pagtawag sa punk bilang isang uri ng fashion ay ironiko na rin, lalo na ang pagiging fashion motif nito sa MET Gala.

[15] Sa pagsulat ng papel na ito, hiwalay na sila ni Brahim Zaibat. Ang pinakahuli niyang boyfriend ay si Timor Steffens, isa ring dancer (Cicurel, 2014.)

[16] Ang "pagkakamaling" ito ay ang posisyon o pagposisyon bilang isang subhetong hybrid o subhetong tinatanggap ang pagkakautang sa kolonyal. Batid akong sa ibang perspektibo, maaaring tingnan ito bilang palasuko (Bakit hindi magpunyaging bumalik sa nakaraan, hanapin ang katutubo? Maaaring itanong ng ilan.), pero sa ganang akin, tinitingnan ko bilang isang posisyon na reflexibo, at may pagkilala sa kapangyarihan ng kasaysayan. Hindi naman sa agad ko nang isinusuko ang posibilidad ng pagkakaroon at pananatili ng katutubo, pero sa ngayon, pinipili kong gamiting lente ang aking subject-position.

[17] "'Love Spent'... [is] not just the most melodically sophisticated song on the album, it's also the most revealing, rather poignantly alluding to the tens of millions Ritchie received in the couple's divorce settlement..." (Cinquemani, 2012, para. 7). Halos ganito rin ang pagbasa ng karamihan sa mga nag-review ng album. Tingnan halimbawa ang mga review sa John Mitchell (2012).

[18] "The...characteristic of minor literatures is that everything in them is political... Minor literature... forces each individual intrigue to connect immediately to politics. The individual concern thus becomes all the more necessary, indispensable, magnified, because a whole other story is vibrating within it." (Deleuze & Guattari, 2001, p. 1598)

[19] Hindi naman inaalis ang posibilidad na baka nga nangyari ito.

**CHUCKBERRY J. PASCUAL** is the author of *Kumpisal: Mga Kuwento* (UST Publishing House, 2015), *Pagpasok sa Eksena: Ang Sinehan sa Panitikan at Pag-aaral ng Piling Sinehan sa Recto* (UP Press, 2016), and *Ang Nawawala* (Visprint Inc., 2017). He is an Assistant Professor of Literature and Creative Writing at the UST Graduate School and the Faculty of Arts and Letters. (Corresponding author: chuck.pascual@gmail.com)